

---

# Distrito sa Tubig ng Apple Valley Foothill County

## HANDBOOK NG POLISIYA

**PAMAGAT NG POLISIYA:** Paghihinto ng Pantahanang Serbisyo sa Dahil sa Hindi-Pagbabayad Kaugnay ng Batas 998 ng Senado ng California

**NUMERO NG POLISIYA:** 3900-AVFCWD-SB998

### POLISIYA SA PAGHIHINTO NG PANTAHANANG SERBISYO SA TUBIG

- Pagpapairal ng Polisiya.** Ang Polisiyang ito sa Paghihinto ng Pantahanang Serbisyo sa Tubig (ang "Polisiya" na ito) ay dapat na pairalin sa lahat ng mga account sa Distrito para sa pantahanang serbisyo sa tubig ngunit hindi dapat umiral sa anumang mga account ng hindi-pantahanang serbisyo. Kung sa kaganapang ang Polisiyang ito ay maging salungat sa anumang iba pang mga patakaran, regulasyon, o polisiya ng Distrito, ang Polisiyang ito ang dapat masunod.
- Impormasyon ng Kontak.** Para sa mga katanungan o tulong hinggil sa bayarin sa tubig, maaaring maabot ang tauhan ng Serbisyo sa Mamimili ng Distrito sa (760) 247-7330. Maaari ring personal na bisitahin ng mamimili ang himpilan ng Serbisyo sa Mamimili ng Distrito mula 7:00 AM hanggang 10:00 AM, maliban na lamang sa mga holiday ng Distrito. Matatagpuan ang opisina ng Serbisyo sa Mamimili ng Distrito sa 22545 Del Oro Road, Apple Valley, CA 92308.
- Pagbibigay ng bayarin at mga Pamamaraan ng Paniningil.** Maaaring bayaran ang serbisyo sa Tubig, nang buo, sa Distrito 26 araw mula sa petsa ng pagbibigay isang beses kada buwan o sa iba pang dalas gaya ng pana-panahong tinukoy ng Lupon ng mga Direktor. Anumang bayarin ang hindi mababayaran sa nasabing panahon ay ikokonsidera bilang delingkwente.
- Paghihinto ng Serbisyo sa Tubig dahil sa Hindi-Pagbabayad.** Kung delingkwente ang bayarin ng animnapung (60) araw, maaaring ihinto ng Distrito ang serbisyo sa tubig sa address ng serbisyong iyon.
  - Nakasulat na Abiso sa Mamimili.** Magpapadala ang Distrito ng naka-liham na abiso sa mamimili sampung (10) araw bago ang paghihinto ng serbisyo sa tubig. Lalamanin ng abisong ito ang:
    - pangalan at address ng mamimili;
    - halaga ng pagiging delingkwente;
    - petsa kung kailan dapat magawa ang pagbabayad o kaayusan sa pagbabayad para maiwasan ang paghihinto ng serbisyo;
    - ang numero ng telepono kung saan maaaring humiling ang mamimili ng kaayusan sa pagbabayad o makatanggap ng karagdagang impormasyon mula sa Distrito.
    - Kung ninanais ng mamimili na tumunggali o humingi ng imbestigasyon para sa halaga ng nakonsumong tubig at/o halaga ng bayarin, ang mamimili, o ang awtorisadong itinalaga nito, ay dapat na makipag-ugnayan sa tauhan ng Distrito

para hilingin ang proseso ng imbestigasyon.

**4.2 Nakasulat na Abiso sa mga Nakatira o Nangungupahan.**

(a) Magpapadala rin ang Distrito ng abiso sa mga nakatira sa address ng serbisyo sampung (10) araw bago ang paghihinto ng serbisyo sa tubig sa ilalim ng mga sumusunod na kalagayan: (i) bibigyan ng Distrito ng naka-solong metrong serbisyo ang mga solong-pamilyang naninirahan at ang may-ari, tagapamahala, o tagapangasiwa na nakatalang mamimili; o (ii) iba ang address ng pagliliham sa mamimili kaysa sa address ng serbisyo. Ipapangalan ang abiso sa “Nakatira,” lalamanin ang impormasyong kinakailangan sa Seksyon 4.1 sa itaas at ipapaalam sa mga nakatira sa residente na mayroon silang karapatang maging mamimili ng Distrito nang hindi kinakailangang bayaran ang halagang dapat bayaran sa delingkwenteng account. Ang mga tuntunin at kondisyon para sa mga nakatira na maging mamimili ng Distrito ay nakasaad sa Seksyon 8 sa ibaba.

**4.3 Abiso sa Personal o sa Telepono.** Magsasagawa rin ang Distrito ng makatwiran, may kabutihang loob na pagkontak sa nakatalang mamimili, o isang nasa wastong gulang na naninirahan sa lugar ng mamimili, sa personal, o sa telepono, pitong (7) araw ng Negosyo bago ang paghihinto ng serbisyo. Mag-aalok ang Distrito na magbigay ng nakasulat na kopya ng Polisiyang ito at na talakayin ang mga pagpipilian para iwasan ang pagkahinto ng serbisyo sa tubig dahil sa hindi-pagbabayad, kabilang na ang posibilidad ng isang kaayusan sa pagbabayad.

**4.4 Pagpapaskil ng Abiso sa Address ng Serbisyo.** Magsasagawa ang Distrito ng may kabutihang loob na pagsisikap na mag-uwan ng abiso ng nalalapit na paghihinto ng pantahanang serbisyo at kopya ng Polisiyang ito sa isang hayag na lugar sa address ng serbisyo. Ang abiso at kopya ng Polisiyang ito ay iiwan sa tirahan nang apatnapu't walong (48) oras bago ang paghihinto ng serbisyo. Kailangang lamanin ng abiso ang:

- (a) pangalan at address ng mamimili;
- (b) halaga ng pagiging delingkwente;
- (c) petsa kung kailan dapat magawa ang pagbabayad o kaayusan sa pagbabayad para maiwasan ang paghihinto ng serbisyo;
- (d) ang numero ng telepono kung saan maaaring humiling ang mamimili ng kaayusan sa pagbabayad o makatanggap ng karagdagang impormasyon mula sa Distrito.
- (e) Kung ninanais ng mamimili na tumunggali o humingi ng imbestigasyon para sa halaga ng nakonsumong tubig at/o halaga ng bayarin, ang mamimili, o ang awtorisadong itinalaga nito, ay dapat na makipag-ugnayan sa tauhan ng Distrito para hilingin ang proseso ng imbestigasyon.

**4.5 Mga Kalagayan Kung Saan Hindi Ihihinto ang Serbisyo.** Hindi ihihinto ng Distrito ang pantahanang serbisyo sa tubig dahil sa hindi pagbabayad sa ilalim ng mga sumusunod na kalagayan:

- (a) Sa panahon ng pag-iimbestiga ng Distrito tungkol sa pagtutunggali ng mamimili o reklamo sa ilalim ng Seksyon 5.1 sa ibaba;
- (b) Sa panahon ng pagkabinbin ng isang apela sa Lupon ng mga Direktor sa ilalim ng Seksyon 5.3 sa ibaba; o
- (c) Sa panahon kung saan ang pagbabayad ng mamimili ay napapailalim sa kaayusan sa pagbabayad na aprubado ng Distrito.

**4.6 Ispesyal na Kalagayang Medikal at Pinansyal Kung Saan Hindi Ihihinto ang mga Serbisyo.** Ang panglunsod at pangkomunidad na sistema ng tubig ay hindi dapat maghinto ng pantahanang serbisyo sa tubig dahil sa hindi-pagbabayad kung ang lahat ng mga sumusunod na kondisyon ay matutugunan:

- (i) Ang mamimili, o nangungupahan sa mamimili, ay magsusumite sa Distrito ng sertipikasyon ng isang lisensyadong pangunahing tagapagbigay ng pangangalaga na ang paghihinto ng serbisyo sa tubig ay magiging banta sa buhay ng, o maglalagay ng malubhang panganib sa kalusugan at kaligtasan ng, isang naninirahan sa lugar kung saan ibinibigay ang pantahanang serbisyo;
- (ii) Ipinapakita ng mamimili na siya ay walang pinansyal na kakayahang magbayad para sa pantahanang serbisyo sa loob ng normal na siklo ng paniningil ng Distrito. Kikilalaning walang pinansyal na kakayahang magbayad sa panahon ng normal na siklo ng paniningil kung: (a) sinumang miyembro ng sambahayan ng mamimili ay kasalukuyang benepisyaryo ng CalWORKs, CalFresh, pangakalahatang tulong, Medi-Cal, Suplementong Panseguridad na Kita/Programang Suplementaryong Pagbabayad ng Estado, o Programa ng California sa Ispesyal na Suplementong Pangnutrisyon para sa mga Kababaihan, Sanggol, at Bata, o (b) idedeklara ng mamimili sa ilalim ng parusa sa pagsira sa sinumpaang, na may Notarisadong lagda, na ang taunang kita ng sambahayan ay mas mababa kaysa sa 200 porsyento ng pederal na antas ng kahirapan; at
- (iii) Pumapayag ang mamimili na pumasok sa isang kaayusan sa alternatibong pagbabayad kaugnay ng mga delingkwenteng singil.

(b) Para sa sinumang mga mamimili na matutugunan ang lahat ng mga nasa itaas na kondisyon, kailangang alukin ng Distrito ang mamimili ng isa sa mga sumusunod na pagpipilian, na siyang pipiliin ng Distrito sa sariling pagpapasya nito:

- (i) isang iskedyul ng alternatibong pagbabayad; o
- (ii) isang oportunidad na makapag-apela sa Lupon ng mga Direktor ng Distrito.

Pipiliin ng Pangkalahatang Tagapamahala ng Distrito ang pinaka-naaangkop na kaayusan sa pagbabayad, isinasaalang-alang ang impormasyon at dokumentasyong ibinigay ng mamimili, pati na rin ang pangangailangan sa kabayaran ng Distrito.

(c) Responsibilidad ng mamimili na ipakitang natugunan ang mga kondisyong nasa subseksyon (a). Sa pagtanggap ng dokumentasyon mula sa mamimili, susuriin ng Distrito ang dokumentasyon sa loob ng pitong (7) araw at: (1) ipapaalam sa mamimili ang alternatibong kaayusan sa pagbabayad na pinili ng Distrito at hihilingin ang nilagdaang pagpayag ng mamimili na lumahok sa alternatibong kaayusang iyon; (2) humingi ng karagdagang impormasyon mula sa mamimili; o (3) ipaalam sa mamimili na hindi nila natugunan ang mga kondisyon sa subseksyon (a).

(d) Maaaring ihinto ng Distrito ang serbisyo sa tubig kung ang mamimili na biniyayaan ng alternatibong kaayusan sa pagbabayad sa ilalim ng seksyong ito ay mabibigong gawin ang alinman sa mga sumusunod: (a) magbayad sa kanyang hindi pa nababayarang singil sa panahon ng (mga)

pinahabang petsa ng pagbabayad; (b) magbayad ng anumang halagang dapat bayaran sa ilalim ng alternatibong iskedyul ng pagbabayad. Magpapaskil ang Distrito ng pinal na abiso ng plano nitong putulin ang serbisyo sa isang tanyag at hayag na lugar sa address ng serbisyo nang kahit apatnapu't walong (48) oras bago ang paghihinto ng serbisyo. Ang pinal na abiso ay hindi magbibigay ng daan sa mamimili sa anumang imbestigasyon o pagsusuri ng Distrito.

**4.7 Oras ng Paghihinto ng Serbisyo.** Hindi ihihinto ng Distrito ang serbisyo sa tubig dahil sa hindi-pagbabayad tuwing Sabado, Linggo, legal na holiday, o anumang oras kung kailan hindi bukas sa publiko ang opisina ng Distrito.

**4.8 Pagbabalik ng Serbisyo.** Maaaring kontakin ng mga mamimiling naputulan ng serbisyo ang Distrito sa pamamagitan ng telepono o sa personal hinggil sa pagpapanumbalik ng serbisyo. Ang pagpapanumbalik ay dapat na nakasailalim sa pagbabayad ng: (a) anumang halagang lumampas na sa takdang petsa ng pagbabayad; (b) anumang singil sa muling pagkakabit, na nakapailalim sa mga limitasyon sa Seksyon 7.1, kung naaangkop; (c) at ang panseguridad na deposito, kung kinakailangan ng Distrito.

## **5. Mga Pamamaraan sa Pagtutol o Pag-apela sa Bayarin.**

**5.1 Oras ng Pagpapanimula ng Reklamo o Kahilingan para sa Imbestigasyon.** Maaaring magpanimula ang isang mamimili ng reklamo o kahilingan para sa isang imbestigasyon hinggil sa halaga ng bayarin limang (5) araw matapos matanggap ang bayarin. Para sa mga layunin ng Seksyon 5.1 na ito lamang, kikilalaning natanggap ng mamimili ang bayarin limang (5) araw pagkatapos itong ipadala bilang liham o kaagad pagkatapos ipadala ang e-mail.

**5.2 Pagsusuri ng Distrito.** Ang napapanahong reklamo o kahilingan para sa imbestigasyon ay susuriin ng tagapamahala ng Distrito, na magbibigay ng nakasulat na pagpapasya sa mamimili. Kabilang sa pagsusuri ang konsiderasyon kung ang mamimili ay makakatanggap ng alternatibong kaayusan sa pagbabayad. Ang Distrito ay maaaring, at sa sariling pagpapasya nitong, magsuri ng hindi napapanahong mga reklamo o kahilingan para sa imbestigasyon; gayunpaman, ang mga katulad na reklamo o kahilingan ay hindi maaaring i-apela.

**5.3 Apela sa Lupon ng mga Direktor.** Sinumang mamimili, na ang napapanahong reklamo o kahilingan para sa imbestigasyon alinsunod sa Seksyon 5 na ito ay nagresulta sa isang salungat na pagpapasya ng Distrito, ay maaaring i-apela ang pagpapasya sa Lupon ng mga Direktor sa pamamagitan ng pagpapasa ng nakasulat na abiso ng apela sa Kalihim ng Distrito sa loob ng sampung (10) araw ng negosyo mula pagpapadala ng liham ng pagpapasya ng Distrito. Sa pagtanggap ng abiso ng apela, itatakda ng Kalihim ng Distrito ang bagay na ito para dinggin sa papalapit na pagpupulong ng Lupon at padadalhan ang mamimili ng nakasulat na abiso ng oras at lugar ng pagdinig sampung (10) araw bago ang pagpupulong. Ang desisyon ng Lupon ay dapat maging pinal.

**6. Mga Palugit at Iba Pang Alternatibong Kaayusan sa Pagbabayad.** Kung ang mga kondisyong nakalista sa Seksyon 4.6 (a) Kung ang mga kondisyong nakalista sa Seksyon 4.6 (a) ay hindi natugunan, gaya ng tinukoy ng Distrito, aalukin ng Distrito ang mamimili ng isa sa mga sumusunod na pagpipilian:

**6.1 Panahon para Humiling ng isang Alternatibong Kaayusan sa Pagbabayad.** Kung ang isang mamimili ay walang kakayahang magbayad sa normal na panahon ng pagbabayad, maaaring humiling ang mamimili ng isang alternatibong kaayusan sa pagbabayad na ipinaliwanag sa Seksyon 6 na ito. Ang mga pagdedesiyon ng Distrito hinggil sa mga palugit at iba pang alternatibong kaayusan sa pagbabayad ay pinal na ngunit maaari pang i-apela sa Lupon ng mga Direktor ng Distrito kung nanaisin

ng mamimili. Hindi maaaring humiling ang mamimili ng higit sa dalawang (2) alternatibong kaayusan sa pagbabayad sa panahon ng parehong labindalawang buwang palugit; kung kailangan ng mamimili ang kaayusang higit sa dalawa (2) sa parehong labindalawang buwang panahon, awtomatikong isasangguni ng tauhan ng Distrito ang desisyon sa Lupon ng mga Direktor ng Distrito, na siyang diringgin bilang isang Bagay ng Aksyon, sa susunod na regular na iskedyul ng pagpupulong ng Lupon ng mga Direktor.

6.2 Alternatibong Kaayusan sa Pagbabayad. Kapag naaprubahan ng Distrito, ang pagbabayad ng mamimili para sa kanyang hindi pa nababayaranang balanse ay maaaring pansamantalang pahabain sa panahong hindi lalampas ng apat (4) na buwan pagkatapos ng orihinal na takdang pagbabayad sa balanse. Maaaring hatiin sa apat (4) na parte ang hindi pa nababayaranang balanse, bawat isa ay dapat bayaran sa napagkasunduang iskedyul ng pagbabayad na itinataguyod ng parehong mamimili at tauhan ng Distrito. Kung mabibigo ang mamimili na igalang o sundin ang mga detalye ng plano sa pagbabayad, mapapasailalim ang mamimili sa pagkakahinto kapag anumang bahagi ng kaayusan sa pagbabayad ay animnapung (60) araw nang lumalampas sa takdang pagbabayad.

6.3 Palugit. Kung ang mamimili ay walang kakayahang bayaran ang balanse sa nakatakdang petsa ng pagbabayad ngunit may kakayahang magbayad bago ang susunod na pagbabasa ng metro, maaaring humiling ang mamimili ng palugit sa takdang petsa ng pagbabayad. Ang palugit na ito, kung aaprubahan ng tauhan ng Distrito, ay tanging sa buwang pinag-uusapan lamang at hindi na maaaring ipataw kailanman sa account ng mamimili.

6.4 Kabiguang Sumunod. Kung ang mamimili ay biniyayaan ng kaayusan sa pagbabayad sa ilalim ng Seksyon 6 na ito at nabigong: (1) bayaranan ang mga hindi pa nababayaranang singil sa petsa ng palugit; o (2) bayaran ang halagang nakatakdang bayaran sa ilalim ng alternatibong iskedyul ng pagbabayad, at maaaring wakasan ng Distrito ang serbisyo sa tubig. Magpapaskil ang Distrito ng pinal na abiso sa plano nitong ihinto ang serbisyo sa isang tanyag at hayag na lugar sa address ng serbisyo ng kahit apatnapu't walong (48) oras bago ang pagkahinto ng serbisyo. Hindi bibigyang daan ng pinal na abiso ang customer sa anumang imbestigasyon o pagsusuri ng Distrito.

6.5 Tutukuyin ng Pangkalahatang Tagapamahala ng Distrito, sa sariling pagpapasya nito, kung gaano kahaba ang palugit na ibibigay sa mamimili. Kailangang bayaran nang buo ng mamimili ang hindi pa nababayaranang balanse sa itinakdang petsa ng Distrito at manatiling nasa kasalukuyan sa lahat ng mga singil sa serbisyo sa tubig na maiipon sa anumang susunod na panahon ng paniningil. Ipapahayag ang pinahabang petsa ng pagbabayad nang nakasulat at ibibigay ito sa mamimili.

## **7. Mga Partikular na Programa para sa mga Mamimiling Mababa ang Kita.**

7.1 Mga Limitasyon sa Singil sa Muling Pagkakabit at Waiver sa Interes. Para sa mga pantahanang mamimili na magpapakita sa Distrito na ang kanilang sambahayang kita ay mas mababa sa 200 porsyento ng pederal na antas ng kahirapan, ang Distrito ay:

- (a) Lilimitahan ang anumang mga singil sa muling pagkakabit sa panahon ng normal na oras ng trabaho sa limampung dolyar (\$50), at sa panahon ng hindi oras ng trabaho sa isangdaan at limampung dolyar (\$150). Ang mga limitasyong ito ay magagamit lamang kung lalampas sa mga halagang ito ang aktwal na mga singil sa muling pagkakabit ng Distrito. Ang mga limitasyong ito ay nakapailalim sa taunang pagpagsasaayos ng pagbabago sa Indeks ng Presyong Pang-konsyumer para sa Lahat ng Konsyumer ng Lungsod (CPI-U).
- (b) Ipapaubaya ang mga singil sa interes sa mga delingkwenteng bayarin isang beses kada 12 buwan.

7.2 Mga Kwalipikasyon. Kikilalanin ng Distrito ang isang pantahanang mamimili na mayroong samabahayang kita na mas mababa sa 200 porsyento ng pederal na antas ng kahirapan kung: The District will deem a residential customer to have a household income below 200 percent of the federal poverty line if: (a) sinumang miyembro ng sambahayan ng mamimili ay kasalukuyang

benepisyaryo ng CalWORKs, CalFresh, pangakalahatang tulong, Medi-Cal, Suplementong Panseguridad na Kita/Programang Suplementaryong Pagbabayad ng Estado, o Programa ng California sa Ispesyal na Suplementong Pangnutrisyon para sa mga Kababaihan, Sanggol, at Bata, o (b) idedeklara ng mamimili sa ilalim ng parusa sa pagsira sa sinumpaang, na may Notarisadong lagda, na ang taunang kita ng sambahayan ay mas mababa kaysa sa 200 porsyento ng pederal na antas ng kahirapan. Sa lahat ng mga pagkakataong nakalista sa itaas, kailangang ipakita ng mamimili sa tauhan ng Distrito na sila ay mga miyembro ng mga nabanggit sa itaas na mga programa sa pagtulong.

## **8. Mga Pamamaraan para sa mga Nakatira o Nangungupahan na Maging Mamimili ng Distrito.**

8.1 Pagiging Aplikable. Ang Seksyon 8 na ito ay maaari lamang magamit kapag ang may-ari ng ari-arian, kasero, tagapamahala, o tagapangasiwa ng address sa pantahanang serbisyo ay nakalista bilang mamimili sa tala at nabigyan ng abiso sa plano ng pagkahinto ng serbisyo sa tubig dahil sa hindi pagbabayad.

8.2 Kasunduan sa mga Tuntunin at Kondisyon ng Serbisyo ng Distrito. Ibibigay ng Distrito ang serbisyo sa mga aktwal na nakatira (nangungupahan) sa residente kung bawat nakatira ay sumasang-ayon sa mga termino at kondisyon ng serbisyo at natutugunan ang mga kinakailangan sa mga patakaran at regulasyon ng Distrito. Sa kabila nito, kung isa o higit pa sa mga nangungupahan ang payag at may kakayahan na saluhin ang responsibilidad para sa mga susunod na singil sa account para sa ikasisiya ng Distrito, o kung mayroong pisikal na kakayanan, na legal na magagamit ng Distrito, na piling ihinto ang serbisyo sa mga nakatirang hindi natugunan ang mga pangangailangan ng mga patakaran at regulasyon ng Distrito, ibibigay ng Distrito ang serbisyo sa mga nakatirang natugunan ang mga pangangailangan na iyon.

8.3 Pagpapatunay ng Pangungupahan. Upang maging karapat-dapat na mamimili nang hindi binabayaran ang nakaraang halagang dapat bayaran sa delingkwenteng account, kailangang patunayan ng nakatira na ang delingkwenteng account sa mamimiling nakatala ay sa kasero, tagapamahala, o ahente ng tirahan. Ang pagpapatunay ay maaaring kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, kasunduan sa pagpapapaupa o pagrenta, resibo ng pagrenta, dokumento ng gobyerno na nagpapahiwatig na nirentahan ng nakatira ang ari-arian, o impormasyong ibinunyag alinsunod sa Seksyon 1962 ng Kodang Sibil, at sa pagpapasya ng Distrito.

9. **Wika para sa mga Tiyak na Nakasulat na Abiso.** Lahat ng mga nakasulat na abiso sa ilalim ng Seksyon 4 at Seksyon 6.6 ng Polisiyang ito ay dapat ibigay sa Ingles, Espanyol, Intsik, Koreano, Vietnamese at Tagalog at iba pang wikang sinasalita ng sampung porsyento (10%) o higit pa ng mga pantahanang mamimili ng Distrito. Kung ang mamimili, o nangungupahan, ay kinakailangan ang polisiya na isalin sa iba pang wika, kailangang gumawa ng pormal na kahilingan ang mamimili, sa Lupon ng mga Direktor ng Distrito, para maisalin ang polisiya sa ibang wika; maaaring piliin ng Lupon ng mga Direktor ng Distrito na magkaroon ng tagasaling magagamit para berbal na magpaliwanag ng polisiyang ito sa mamimili, kung ang hinihinging nakasulat na pagsasalin ng mamimili ay mas mababa sa sampung porsyento (10%) ng representasyon ng pantahanang mamimili ng Distrito.

10. **Iba Pang Lunas.** Dagdag pa sa paghihinto ng serbisyo sa tubig, maaaring ipagpatuloy ng Distrito ang iba pang lunas na magagamit sa batas o pagkamakatao para sa hindi pagbabayad ng mga singil sa serbisyo sa tubig, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa: pagtitiyak sa mga delingkwenteng halaga sa pamamagitan ng pagsasampa ng liens sa tunay na pag-aari, pagsasampa ng paghahabol o ng legal na aksyon, o pagsasangguni ng hindi pa nababayaran halaga sa nangongolekta. Sa kaganapang ang legal na aksyon ang napagdesisyunan pabor sa Distrito, may karapatan ang Distrito na makuha ang kabayaran para sa lahat ng gastos, kabilang na ang mga singil ng abogado at nagpatung-patong na interes.

11. **Paghihinto ng Serbisyo ng Tubig dahil sa Ibang Paglabag ng Mamimili.** Mayroong karapatan ang Distrito na ihinto ang serbisyo sa tubig dahil sa anumang paglabag sa mga ordinansa, patakaran, o regulasyon ng Distrito labas sa hindi pagbabayad.
12. **Mga Natamong Singil at Kabayaran.** Maliban na lamang kung malinaw na ipinahayag sa Polisyang ito, anumang singil o bayarin na natamo ng mamimili sa ilalim ng anumang iba pang patakaran, regulasyon, o polisiya ng Distrito, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga delingkwenteng singil, ay dapat na bayaran gaya ng ipinahayag dito.
13. **Mga Desisyon ng Tauhan ng Distrito.** Anumang desisyon na siyang mapagpapasyahan ng Pangkalahatang Tagapamahala ng Distrito sa ilalim ng Polisyang ito ay maaaring gawing pasya ng kanyang itinalaga.